

Mayroong maraming grupo ng mga magulang, ngunit may iisa lamang na PTA-- Parent Teacher Association. Kumukunekta sa mga pamilya, paaralan at komunidad nang halos 120 taon, ang PTA ay ang pinakamalaking asosasyon ng pagtataguyod ng mga kabataan sa bansa at ang kilalang organisasyon para sa pakikilahok ng pamilya.

Tinutugunan ng PTA ang mga paksang mahahalaga para sa mga magulang at administrador ng pampublikong paaralan. Ipinaglalaman namin ang ganap na pagpopondo sa paaralan, de-kalidad na mga guro, at mga programa at patakaran sa pinakamabuting interes ng lahat ng mga kabataan.

1. Suporta – Ang bawat lokal na PTA ay may kalayaan, ngunit ito ay suportado ng isang mayamang istrukturang panrehiyon, pang-estado at pambansa na nagbibigay ng suporta, kasanayan at patnubay.

2. Matatag na Pampinansyal na Proteksyon – Ang mga opisyal, kaganapan at pinansya ng PTA ay protektado sa pamamagitan ng abot-kayang panggrupong seguro, at ang mga lider ay sinanay sa mga pampinansyal na proteksyon na napatunayan na ng panahon at pinakamabuting kasanayan. Ang mga PTA ay may akses din sa suporta sa pag-file ng buwis upang masigurong ang lahat ng mga pang-estado at pederal na pangangailangan sa pagreport na nonprofit ay natutugunan.

3. May-kaalamang mga Komunidad ng Paaralan – Los Ang mga magulang na kalahok ay nakaunawa sa mga hamong kinakaharap ng mga paaralan at nagiging bahagi ng solusyon. Sa pagbuo ng mas malapit na ugnayan kasama ang mga magulang, bumubuti ang pagtamasa ng mga mag-aaral, at ang paaralan ay nagkakaroon ng positibong reputasyon sa komunidad.

Bakit Kailangan ng Inyong Paaralan ang Isang PTA?



4. Masusukat na Resulta ng mga Mag-aaral – Ipinapakita ng pananaliksik sa nagdaang tatlong taon na mas mabuting nakakagawa ang mga kabataan kapag kalahok ang kanilang mga pamilya. Mas mabubuti ang kanilang mga grado, tumataas ang antas ng pagtatapos, bumubuti ang mga iskor sa eksamen, tumataas ang antas ng pagpasok sa paaralan at mas maraming mga mag-aaral ang nagiging handa sa karera at kolehiyo. Ang mga PTA ay nakatutok sa kung ano ang pinakamabuti para sa mga kabataan at kumukunekta sa ibang mga grupo upang tumutok sa tagumpay ng mag-aaral.

5. Napatunayang mga Programa – Ang mga lokal na PTA ay may akses sa naihandana at madaling gamiting programang may napatunayan nang mga resulta. Mula sa mga paksa ng kalusugan at kaligtasan, hanggang sa pakikipagtulungan kasama ang mga guro at miyembro ng komunidad, hanggang sa paglilikom ng pondo, ang mga programa ay nagkakaroon ng resulta. Bilang mga miyembro ng PTA, ang mga lider ay may mga oportunidad na magnet-network at makipagtulungan sa isa't isa upang magbahagi ng mga ideyang panlokal, panrehiyon at pambuong estado at bansa.

6. Kapangyarihan ng Pagboboluntaryo – Ang PTA ay bumubuo, nagbibigay-kasanayan at nagbibigay ng suporta sa mga nagsusumikap at dedikadong mag-aaral. Ang mga magulang ay handang kumilos bilang kabalikatan para sa tagumpay ng mag-aaral.

Kayo ba ay nagnanais na magdagdag ng kaalaman tungkol sa PTA? Kung ang inyong paaralan o distrito ay walang PTA, ngayon na ang tamang panahon. Ang pagkamiyembro ay bukas para sa lahat. Bisitahin ang www.capta.org para sa karagdagang impormasyon.